Estado ng California—Ahensya ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao (Health and Human Services Agency)
**Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Department of Developmental Services, DDS)**
1215 O Street, Sacramento, CA 95814
www.dds.ca.gov

**NANCY BARGMANN**
*DIREKTOR*

**GAVIN NEWSOM**
*GOBERNADOR*

Nobyembre 22, 2023

PARA SA: MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER

PAKSA: SELF-DETERMINATION PROGRAM: MGA MALAYUANG SERBISYO

Layunin ng sulat na ito ang magbigay ng patnubay tungkol sa paglalaan ng mga malayuang serbisyo sa Self-Determination Program (SDP). Ang mga malayuang serbisyo ay isang paraan ng paghahatid ng serbisyo sa pamamagitan ng paggamit ng two-way na teknolohiya sa real-time (pagkonsulta sa pamamagitan ng telepono o video), habang wala ang tagapagkaloob sa parehong pisikal na lokasyon ng kalahok. Ang patnubay na ito ay ibinibigay alinsunod sa Seksyon 4685.8(p)(2) ng Welfare and Institutions Code na nagpapahintulot sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Department of Developmental Services) na maglabas ng mga direktiba ng programa o katulad na mga tagubilin hanggang sa ipagtibay ang mga regulasyon.

Ang mga serbisyo ng SDP, kabilang ang mga suporta sa transisyon bago mag-enroll, ay maaaring ibigay nang malayuan kapag ang paghahatid ng mga naturang serbisyo ay nakatutugon sa lahat ng kinakailangang nasa ibaba:

- Ang paghiling para gamitin ang mga malayuang serbisyo ay pinasisimulan ng kalahok, nagpapakita ng kanilang mga kagustuhan at tinutulungan ang kalahok na matupad ang kanilang mga layunin sa Indibidwal na Plano ng Programa.
- Ang mga pangangailangan ng kalahok para sa suporta nang personal ay natutugunan sa oras na inihahatid ang mga malayuang serbisyo.
- Ang kalahok ay pisikal na nasa California sa oras na ginagamit ang mga malayuang serbisyo, kahit na nasa ibang estado ang tagapagkaloob.
- Pinananatili ng mga malayuang serbisyo ang mga karapatan ng kalahok kaugnay ng pagkapribado, dignidad at paggalang, at kalayaan mula sa pagpuwersa at pagpigil.
- Hindi ibinubukod ng mga malayuang serbisyo ang kalahok mula sa komunidad o pakikipag-ugnayan sa mga taong walang kapansanan.
- Patuloy na natutugunan ang mga pangangailangang pangkalusugan at pangkaligtasan ng indibidwal.

Dapat na patuloy na talakayin ng mga team sa pagpapaplano ang mga suportang kailangan para magbigay-daan sa mga kalahok ng SDP na epektibong makasama sa mga malayuang serbisyo.

Kung ang mga kalahok at/o kanilang mga pamilya ay may mga tanong tungkol sa sulat na ito, kailangan nilang makipag-ugnayan sa kanilang regional center. Ang mga tanong mula sa mga regional center ay dapat idirekta sa sdp@dds.ca.gov.

Taos-puso,

*Ang Orihinal na Kopya ay Pinirmahan ni:*

VICKI L. SMITH, Ph.D.
Deputy Director
Dibisyon sa Pagbuo ng Patakaran at Programa (Policy and Program Development Division)

cc: Tingnan sa susunod na pahina.

cc: Mga Administrador ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Konsumidor ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Regional Center
Asosasyon ng mga Ahensya ng Regional Center
Konseho ng Estado sa mga Kapansanan sa Pag-unlad
Nancy Bargmann, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Brian Winfield, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Carla Castañeda, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Jim Knight, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Ernie Cruz, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Suzy Requarth, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
Kathleen Dempsey, Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad